

DEKLARASYON TUNGKOL SA MGA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO

KARAPATAN NG MGA HRDs

Ipinahahayag sa Deklarasyon tungkol sa mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao ng mga Bansang Nagkakaisa na ang **LAHAT AY MAY KARAPATANG** sumapi o lumahok sa mga **MAPAYAPANG AKTIBIDAD** na **NAGPOPROTEKTA AT NAGTATAGUYOD NG KARAPATANG PANTAO.**

(Artikulo 1, 11)

Patuloy na hinahadlangan ng estado at ng mga non-state actors ang pagtamasa ng mga karapatan ng mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao o Human Rights Defenders (HRDs). Ngunit mahalagang maunawaan na bilang HRD, **KARAPATAN MONG MAPROTEKTAHAN** laban sa mga paglabag sa karapatang pantao at **MAKINABANG MULA SA MGA EPEKTIBONG REMEDYO.**

(Artikulo 9.1)

PAGGIIT SA IYONG KARAPATAN

MGA KARANIWANG PARAAN PARA PAHINAIN ANG LOOB NG MGA HRD SA ASYA NA IGIIT ANG KANILANG KARAPATAN, AT MGA ARTIKULO SA DEKLARASYON NG MGA HRD NA MAGAGAMIT PARA HAMUNIN ANG MGA MAPANUPIL NA MGA PAGKILOS NA ITO

MGA URI NG MAPANUPIL NA PAGKILOS



ANG IYONG KARAPATAN

Ilang estado ang nagbabawal sa mga HRD na mangibang-bayan upang pigilan silang makipagpulong at makipag-ugnayan sa mga organisasyon para sa karapatang pantao

Karapatang makipag-ugnayan sa anumang pandaigdigang mekanismo para sa karapatang pantao tulad ng mga Bansang Nagkakaisa (Artikulo 5c, 9.4)

Madalas na nakakatanggap ng mga banta sa kanilang buhay ang ilang HRD na naghahanap o nagbubunyag ng impormasyon sa mga paglabag sa karapatang pantao

Karapatang maghanap, tumanggap, at magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga isyu sa karapatang pantao (Artikulo 6a & b, 9.3b)

Ilang estado ang nagbabalewala sa mga reklamong isinumite ng mga HRD tungkol sa kakulangan ng aksyon ng estado sa pagtugon sa mga isyu sa karapatang pantao

Karapatang magsumite ng mga reklamo tungkol sa pagtupad ng mga awtoridad sa mga pandaigdigang batas sa karapatang pantao (Artikulo 8.2, 9.3)

May mga estadong hindi tumatanggap ng mga reklamo tungkol sa mga paglabag sa karapatang pantao o hindi nagbibigay ng kaukulang suporta sa mga biktima para makamit ang hustisya

Karapatang magsampa ng legal na reklamo, humingi ng legal na payo, at makakuha ng makatarungang pagtrato mula sa sistemang panghukuman sa pagtugon sa mga paglabag sa karapatang pantao (Artikulo 2, 3a, 9.3c)

Batid ng FORUM-ASIA at Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA) ang pangangailangang tugunan ang kriminalisasyon at pang-aabuso laban sa mga HRD, na may mahalagang papel sa pagsisiguro na protektado at naisasakatuparan ang karapatang pantao ng bawat isa. Sa ika-20 anibersaryo ng Deklarasyon ng HRDs, ang FORUM-ASIA ay bubuo ng biswal na mga materyal na magbibigay-diin sa kahalagahan ng mga HRD at kanilang mga kontribusyon, mga karapatan, at sa mga responsibilidad ng iba para sa mga HRD, ayon sa Deklarasyon. Ang PAHRA ay isang alyansa ng mga organisasyon at mga indibidwal na nagtataguyod at nagtatanggol ng karapatang pantao para sa lahat. Ang PAHRA ay miyembro ng FORUM-ASIA.

